CMAP

# **ON TO 2050:** ISANG KOMPREHENSIBONG PLANO PARA SA HINAHARAP NG REHIYON NG CHICAGO

**Ang Chicago Metropolitan Agency for Planning o CMAP ay nagsasagawa ng komprehensibong pagpaplano ng rehiyon, inuuna ang mga pamumuhunan sa transportasyon, nagbibigay ng teknikal na tulong para sa mga komunidad, at pinagsasama-sama ang mga pinagkukunan ng datos na nagpapabuti sa paggawa ng desisyon sa kabuuan ng mga probinsiya ng Cook, DuPage, Kane, Kendall, Lake, McHenry, at Will.**

Upang bumuo batay sa nanalo ng gantimpala na plano ng rehiyon na GO TO 2040, ang CMAP at mga kasama nito ay halos nakumpleto na ang pagbuo sa ON TO 2050 na magrerekomenda ng mga estratehiya para sa napapanatiling kasaganaan sa kabuuan ng lahat ng 284 na mga komunidad ng Chicagoland. Ang plano ON TO 2050 ay ipapaskil para sa publikong komento Hunyo 15 hanggang Agosto 14, 2018, at naka-iskedyul para sa adopsyon ng CMAP Board at MPO Policy Committee sa Oktobre 10, 2018.

Tatlong prinsipyo ang siyang magpapabatid sa bawat ON TO 2050 na rekomendasyon, alinsunod sa mga layunin ng plano para sa komunidad, kasaganaan, kapaligiran, pamamahala, at kadaliang mapakilos.

## TATLONG PRINSIPYO

Sa maraming batayan, nahuhuli na ang Chicagoland sa mga kapareho nitong rehiyon dahil sa walang lubay na mga hamon na nangangailangan ng mga matagalang solusyon. Upang matugunan ang mga hamong ito, ang ON TO 2050 ay nagbibigay diin sa tatlong mga namumunong prinsipyo: Inklusibong Paglago, Pagkamatatag, at Prinayoridad na Pamumuhunan.

**INKLUSIBONG PAGLAGO:**
PALAGUIN ANG EKONOMIYA SA PAMAMAGITAN NG OPORTUNIDAD PARA SA LAHAT

Ang mga rehiyon na nagbibigay ng pang-ekonomiyang pagkakataon para sa mga residente nang pantay-pantay anuman ang lahi, kita o karanasan ay tinatamasa ang mas mahaba, mas malakas na mga panahon ng kasaganaan at mas kakaunti, mas maikling mga panahon ng pagwawalang-kilos. Bilang isang rehiyon, kailangan natin ng mga pro-aktibong hakbang para mabuksan ang mga pintuan sa mga komunidad kung saan hindi pa kinatok ng oportunidad sa mga henerasyon.

**PAGKAMATATAG:**
MAGHANDA SA MABILIS NA MGA PAGBABAGO, KILALA MAN O HINDI KILALA

Ang ating rehiyon at kaniyang mga komunidad ay dapat umasa at umangkop sa mga hinaharap na hamon—kilala man o hindi kilala—hinihimok ng klima, komersyo, teknolohiya, at iba pang mga kadahilanan. Sa pamamagitan ng pagtatrabaho ng sama-sama, maaari tayong makapaghanda para makabawi kaagad sa mga matinding dagok at talamak na mga stress.

**PRINAYORIDAD NA PAMUMUHUNAN:**
PUNTIRYAHIN ANG MGA MAPAGKUKUNAN UPANG I-MAXIMAZE ANG MGA BENEPISYO

Pederal at estadong pananalapi ay hindi tiyak ang paglago, gayunpaman ang mga gastos sa imprastraktura at serbisyo ay patuloy na tumataas. Dahil sa limitadong mga pinagkukunan, ang pampublikong pamumuhunan ay nangangailangan ng maingat na koordinasyon para matiyak ang pinakamataas na halaga para sa ating mga residente.



# Komunidad:
# Pagpapalakas kung saan tayo nakatira

ON TO 2050 ay gagawin ang rehiyon at kaniyang mga komunidad na mas malakas sa pamamagitan ng pagpupuntirya sa mga mapagkukunan, pagpapabuti ng pagpaplano, paghihikayat sa pakikipagtulungan sa piskal at pang-ekonomiyang mga isyu, pagpepreserba sa mataas na kalidad ng bukas na espasyo at agrikulturang mga ari-arian, at pagtataguyod ng pagpili ng pabahay.

**Mga Layunin**

Estratehiko at napapanatiling pag-unlad

Pamumuhunang muli para sa buhay na buhay na mga komunidad

Pag-unlad na sumusoporta sa lokal at rehiyonal na lakas ng ekomiya




# Kaunlaran:
# Pagpapalago sa ekonomiya

ON TO 2050 ay pabubutihin ang abilidad ng ating rehiyon para makipagkumpetensya sa buong mundo at upang umunlad sa pamamagitan ng pagbabawas sa hindi pagkakapantay-pantay ng ekonomiya, na nangangailangan ng mas malawak na oportunidad para sa makabagong ideya at sa mas maraming landas para sa pataas na kadaliang pagkilos.

**Mga Layunin**

Matatag na paglago ng ekonomiya na nagbabawas ng hindi pagkakapantay-pantay

Tumutugon, estratehikong lakas ng trabaho at pag-unlad ng ekonomiya



# Kapaligiran: Pagdurugtong sa likas at itinayong ari-arian

ON TO 2050 ay nakikita ang hinaharap kung saan ang mga kasanayan sa pag-unlad at imprastraktura ay yayakapin ang likas na tanawin at aambag sa malusog na mga ekosistema, paggawa sa rehiyon at ng kaniyang mga komunidad para maging mas matibay sa mga inaasahang mga epekto sa klima.

## Mga Layunin

- Isang rehiyon na handa sa pagbabago ng klima
- Pinagsama-samang paraan para sa pinagkukunan ng tubig
- Kasanayan sa pag-unlad na proprotekta sa likas na pinagkukunan



# Pamamahala:
# Epektibong pagtatrabaho nang sama-sama

ON TO 2050 ay nakadepende sa pamumuno sa lahat ng mga antas ng pamahalaan, na nagbibigay diin sa pakikipagtulungan sa ibayo ng mga hangganan upang palakihin ang limitadong pondo na mayroon para sa mga serbisyo at imprastraktura na kailangan ng mga residente at mga negosyo.

**Mga Layunin**

Pakikipagtulungan sa lahat ng antas ng pamahalaan

Kapasidad upang magbigay ng isang malakas na kalidad ng buhay

Hinihimok ng datos at malinaw na mga desisyon sa pamumuhunan



# Kadaliang mapakilos:
# Pagtaas sa access sa transportasyon

ON TO 2050 ay nagrerekomenda ng agresibong mga hakbang upang tugunan ang mga problema ngayon at mga oportunidad bukas para sa isang mahusay na sistema sa transportasyon na siyang walang tigil na nagpapakilos sa tao at mga kalakal sa lahat ng pitong mga probinsya sa metropolitan Chicago.

**Mga Layunin**

Isang moderno, multimodal na sistema na umaangkop sa pabago-bagong pangangailangan sa paglalakbay

Isang sistema na gumagana nang mas mahusay para sa lahat

Gumagawa ng pagbabagong-anyong mga pamumuhunan

312-454-0400
**info@cmap.illinois.gov**
**www.cmap.illinois.gov**

**TUNGKOL SA CMAP**

Ang CMAP ay ginawa noong 2006 upang tulungan ang ating mga komunidad at rehiyon na umunlad. Kasama ng marami pang kasosyo, ang ahensiya ay naghahangad na gawin ang Chicagoland na maging mas mapagkumpitensya sa pamamagitan ng:

- Paggabay sa pampublikong pamumuhunan na kasama ng transportasyon, tubig, bukas na espasyo, at pabahay.
- Pag-aaral ng mga kalakaran upang ipaalam ang mas mabuting mga desisyon kasangkot ng mga demograpiko, ang ekonomiya, lakas ng trabaho, at patakaran sa buwis.
- Paggawa ng kasunduan upang makamit ang malawak na nakabatay sa mga layunin.

Ang CMAP ay sumusuporta rin sa lokal na pagpapaplano sa pamamagitan ng:

- Pagpapasadya ng tulong sa mga komunidad.
- Pagpapalakas sa kasarinlan.
- Pagkilos sa rehiyonal na mga pamumuhunan para sa lokal na benepisyo.

At ang CMAP ay naghahangad na mapahusay ang kalidad ng buhay sa pamamagitan ng:

- Pagpapabuti sa likas na pinagkukunan kasama ang hangin, tubig, mga parke, at bukas na espasyo.
- Pagtataguyod ng pagpipilian sa pabahay para sa lahat.
- Gawing ligtas ang paglalakbay, maayos, at maaasahan kahit pa ito ay sa pamamagitan ng kotse, transit, pagbabibisekleta, o paglalakad.

FY19-0034G